

Council ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho - Kurso ng Pagsasanay sa Pangkalahatang Kaligtasan para sa mga Nagtatrabaho sa Bahay

May malaking bilang ng mga pamilya sa Hong Kong ang may mga kasambahay o nagtatrabaho sa kanilang bahay upang makatulong sa kanilang mga gawain sa bahay. Ang kapwa mga employer at mga nagtatrabaho sa bahay ay dapat magbigay ng halaga sa kaligtasan sa mga gawain sa bahay. Ang kursong ito ay naglalayon sa pagbibigay sa mga nagtatrabaho sa bahay ng mahalagang kaalaman sa kaligtasan at kalusugan sa trabaho at kaugnay na mga paraan ng pag-iingat para sa pag-iwas sa mga aksidente.

Nilalaman ng Kurso

1. Mga pananagutan ng employer at domestic helper na kaugnay ng kaligtasan at kalusugan sa trabaho
2. Mga pangunahing peligro at makabuluhang pamamaraan sa pagkontrol sa mga trabaho sa bahay
3. Pagre-report ng mga aksidente
4. Pangunahing mga pamamaraan ng paunang lunas
5. Demonstrasyon at paggamit ng kasangkapang pampersonal na proteksiyon
6. Mga pag-aaral ng kaso at talakayan

Itatalagal ng Kurso 3 at kalahating oras

Pamamaraan ng Pagtuturo

Ingles na dinagdagan ng materyales ng kurso na nasa Ingles / Cantonese na may dagdag na Indonesian na may Ingles na materyales sa kurso

Mga Prerequisite

Kakayahang magbasa at magsulat sa Ingles / Indonesian

Bayad ng kurso \$160



Impormasyon ng Kurso
sa Ingles

Mga Tanong para sa kurso:
2311 3322



Kagawaran ng Paggawa

Katanungan sa OSH : 2559 2297
www.labour.gov.hk



Council ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho

Hotline : 2739 9000
www.oshc.org.hk



Mga Dayuhang Kasambahay Rekisito para sa paglilinis sa mga bintanang may pananggalang sa harap



Kagawaran ng Paggawa



Council ng Kaligtasan at
Kalusugan sa Trabaho



Ito ay inimprinta sa papel na hindi nakasama sa kapaligiran

Mga Dayuhang Kasambahay-Rekisito para sa paglilinis sa mga bintanang may pananggalang sa harap

Ang Pamantayang Kontrata sa Pag-empleyero para sa mga banyagang domestic helper (mga FDH) ay may kasamang sugnay sa paglilinis ng mga bintanang nakaharap sa labas para pangalagaan ang kaligtasan sa trabaho ng mga FDH.

Sinasaad ng sugnay na, kapag inaatasan ng employer ang FDH na maglinis sa labas ng anumang bintana na wala sa lebel ng lupa o katabi ng balkonahe (kung saan makatwirang ligtas sa katulong na magtrabaho) o karaniwang pasilyo, ito ay dapat isagawa sa ilalim ng sumusunod na dalawang kundisyon:



1

ang bintanang nililinis ay may barandilyang bakal na nakakandado o naka-secure sa paraang hindi nabubuksan ang barandilyang bakal

2

walang bahagi ng katawan ng kasambahay ang lumalabas sa bintana maliban sa mga braso

